## Sertipiko ng Modelong Paghuli – Pagbibigay-katwiran para sa Mga Elemento ng Datos at Format para sa Elektronikong Pag-uulat

| Elemento ng Datos | Layunin | Ipinatutupad /Opsyonal | Ipinanukalang Format/Kodigo para sa Itinakdang Mensahe ng NMFS sa ACE |
|---|---|---|---|
| **Seksyon 1- Magagamit pareho sa Mailap na paghuli at Operasyon ng Pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig para kainin** | | | |
| Identifier ng Dokumento sa Panghuhuli | Ang kaiibang identifier ng huli o paglapag o sertipiko ng pag-aani na ibinigay ng may kapangyarihang awtoridad na nagpapahintulot sa mailap na paghuli o operasyon ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig para kainin.<br><br>Pinangyayari ng record identifier na subaybayan pabalik ang naiibang kaganapan sa pag-aani at nagpapahintulot sa pag-uugnay sa pagitan ng pag-aani at espesipikong awtorisasyon ng may kapangyarihang awtoridad gayundin ang mga detalye ng kaganapan sa pag-aani na maaaring suportado ng ibang mga tala (mga tala ng VMS, logbook ng sasakyang pandagat, tala ng nag-oobserba, resibo ng tagapagproseso, atbp). Ang pagberipika ng awtorisasyon sa pangingisda at ang mga tala na sumusuporta sa sertipiko ng panghuhuli ay nagpapahintulot sa determinasyon ng makatarungang pagkuha. | Opsyonal | Dahil hindi maaaring malaman ang paggamit ng identifier format ng lahat ng may kapangyarihang awtoridad sa kani-kanilang hurisdiksyon, ang libreng format sa teksto ay kakailanganin.<br><br>Sa ilang mga kaso, maaaring hindi magtalaga ang may kapangyarihang awtoridad ng kaiibang identifier sa bawat kaganapan ng pag-aani o itala ang kaganapan ng pag-aani sa sertipiko na natatanging nilagyan ng numero. Maaari itong maging mas laganap sa kaso ng mga paghahatid mula sa pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin kaysa sa mailap na paghuli na pangingisda, ngunit malamang din na laganap sa artisanal/maliliit na mangingisda.<br><br>Ang pinasimpleng tala ng panghuhuli ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng huli ng ilan sa maliliit na sasakyang pandagat na dumadaong upang manghuli sa isang karaniwang punto ng koleksyon. |
| Mailap na Pag-aani o Inalagaan sa Bukid | Ang impormasyong ito ay magpapahintulot sa E.U. na tasahin ang regulatoryong kapaligiran kung saan naganap ang pag-aani. Batay sa mapagkukunan, isasaalang-alang namin ang iba't ibang salik sa pagtukoy sa makatarungang pagkuha at hindi kokolektahin ang datos ng kagamitan para sa mga produktong inalagaang hayop na nabubuhay sa tubig. | Ipinatutupad | Ang kahon ng tsek sa form ay isasalin bilang isang code para sa ACE Ang code ng "WC" (mailap na paghuli) o "AQ" (pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin) ay gagamitin upang tukuyin ang pinagmumulan ng produkto. |
| **Seksyon 2- Magagamit pareho sa Operasyon ng Pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig** | | | |
| Bandila ng Estado ng sasakyang-pandagat | Magagamit lamang para sa mailap na paghuli. Kinakailangan upang tukuyin ang mga regulasyon (pambansa at/o panrehiyon) na tumutukoy sa | Ipinatutupad | Pamantayang datos na format sa 2 alpha ISO country code. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | sasakyang-pandagat sa oras ng nakatalang operasyon ng pangingisda. | | |
| Pangalan ng Sasakyang-pandagat na Pang-ani | Ang impormasyong ito ay kinakailangan upang tukuyin kung ang sasakyang-pandagat o pasilidad ay awtorisado ng kaugnay na mga awtoridad. | Ipinatutupad | Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na mga pangalan ay hindi matutukoy nang pauna. |
| Unique Vessel Identifier (pagrehistro, Dokumentasyon, o numero ng lisensya | Kinakailangan upang positibong matukoy ang sasakyang-pandagat at iugnay ang sasakyang-pandagat sa awtorisasyon sa pangingisda na ibinigay ng may kapangyarihang awtoridad. | Opsyonal | Dahil ang impormasyong ito ay ginagamit upang mabatid ang makaturangang pagkuha sa ilalim ng may kakayahang awtoridad para sa lugar ng operasyon sa pangingisda, ang format ay dapat na tumutugon sa kombensyon ng awtoridad sa pagrehistro ng sasakyang-pandagat. Kung hindi kailangan ang pagrehistro sa lokal na hurisdiksyon, ang ilan sa lokal na makabuluhang deskripsyon o pagtatatuwa (“hindi naaangkop ang identifier”) ay kailangan. Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na mga format ay hindi matutukoy nang pauna. Sa kaganapan na ang sasakyang-pandagat ay may IMO Number, dapat itong gamitin bilang identifier. Ang unlaping “IMO” o “OHT” ay dapat pinangungunahan ng identifier. |
| Permiso o Awtorisasyon sa Pangingisda | Kinakailangan upang kumpirmahin na ang may kapangyarihang awtoridad ay nagbigay ng permiso/awtorisasyon sa sasakyang-pandagat na pangisda o may lisensya sa pasilidad ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin. | Opsyonal | Sa tiyak na mga kaso, ang may kapangyarihang awtoridad ay hindi mangangailangan ng permiso para sa bawat sasakyang-pandagat o pasilidad. Maaari itong maging mas laganap sa kaso ng mga pasilidad sa pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin kaysa mga sasakyang pandagat na pangisda, ngunit malamang din na laganap sa artisanal/maliliit na mangingisda. Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na awtorisasyon sa pangingisda o mga format ng pagbibigay ng lisensya sa pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin ay hindi matutukoy nang pauna. Kung ang permiso o lisensya ay hindi kailangan sa lokal na hurisdiksyon, ang ilan sa lokal na makabuluhang deskripsyon o pagtatatuwa (“hindi naaangkop ang lisensya”) ay kailangan. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Lugar ng Panghuhuli | Mahalagang tukuyin ang lugar ng pangingisda kung saan naganap ang panghuhuli upang tukuyin ang sakop ng mga banyagang batas at/o mga regulasyon na tumutukoy sa aktibidad/operasyon sa hurisdiksyong iyon. Kapag may kakayahan ang RFMO sa binanggit na lugar para sa naiulat na uri, ang mga pamamaraan ng RFMO ay tutukoy sa sasakyang may bandila ng kumukontrata o nakikipagtulungang partido. | Ipinatutupad | Dahil ang impormasyong ito ay ginagamit upang mabatid ang makaturangang pagkuha sa ilalim ng may kakayahang awtoridad para sa lugar ng pangingisda o operasyon ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig, ang impormasyong ito ay dapat makipag-ugnayan sa mga lugar na nag-uulat ng lokal na hurisdiksyon o naaangkip na kinatawan sa pangangasiwang panrehiyon. Kung ang ulat sa panghuhuli ay hindi kinakailangan sa lokal na hurisdiksyon, o hindi kailangang espisipikong tukuyin ang lugar ng panghuhuli, ang ilan sa lokal na makabuluhang deskripsyon ay kinakailangan o dapat tukuyin ng EU ang paggamit ng mga code ng FAQ sa lugar ng pangingisda na may karagdagang abiso hinggil sa nasasakupan o lampas sa EEZ ng Baybaying Estado (ISO 2 karakter na country code). Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na lugar ng pangingisda ay hindi matutukoy nang pauna. Sa ilang mga kaso, ang paggamit ng listahan ng RFMO ng mga lugar ng pangingisda ay maaaring gamitin. Ang unlapi ng “FAQ” o “OHT” ay pinangugunahan ng tekstong lugar, kasunod ng “HS” o “EZ” at naglalarawang teksto. |
| Kagamitan sa Pangingisda | Magagamit lamang para sa mailap na paghuli. Kailangan ito upang tukuyin ang makatarungang pagkuha sa pangisdaan kung saan ang tiyak na mga uri ng kagamitan ay ipinagbabawal o hinihigpitan sa paggamit sa tinukoy na haba ng panahon sa mga lugar ng pangisdaan. Sa ilang mga pangisdaan, ang mga sasakyan ay maaaring awtorisado para sa pangingisda lamang nang may tiyak na kagamitan. | Ipinatutupad | Dahil ang impormasyong ito ay ginagamit upang mabatid ang makaturangang pagkuha sa ilalim ng may kakayahang awtoridad para sa lugar ng operasyon ng pangingisda, ang mga code o format ay dapat makipag-ugnayan sa kombensyon para s a mga uri ng kagamitan ng lokal na hurisdiksyon o naaangkip na kinatawan sa pangangasiwang panrehiyon. Kung ang ulat sa panghuhuli ay hindi kinakailangan sa lokal na hurisdiksyon, o ang uri ng kagamitan ay hindi kinakailangang espisipiko, ang ilan sa lokal na makabuluhang deskripsyon ay kinakailangan o dapat tukuyin ng EU ang paggamit ng mga code sa FAQ ng kagamitan. Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na mga kagamitan ng pangingisda ay hindi matutukoy nang pauna. Sa ilang mga kaso, ang paggamit ng listahan ng RFMO ng mga kagamitan sa pangingisda ay maaaring |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | gamitin. Ang unlaping “FAQ” o “OHT” ay daapt pinangungunahan ng teksto sa kagamitan. |
| **Seksyon 3- Magagamit Lamang sa Operasyon ng Pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig** | | | |
| Estado ng Hurisdiksuon ng Pasilidad sa Pag-aalaga ng Hayop na Nabubuhay sa Tubig | Mahalagang tukuyin ang lugar kung saan matatagpuan ang lugar ng operasyon sa pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang tukuyin ang sakop ng mga banyagang batas at/o mga regulasyon na tumutukoy sa aktibidad/operasyon sa hurisdiksyong iyon. | Ipinatutupad | Dahil ang impormasyong ito ay ginagamit upang mabatid ang makaturangang pagkuha sa ilalim ng may kakayahang awtoridad para sa lugar ng operasyon ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig, ang impormasyong ito ay dapat makipag-ugnayan sa mga lugar na nag-uulat ng lokal na hurisdiksyon. Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na lugar ng pagbibigay ng lisensya ay hindi matutukoy nang pauna. Bilang kahalili, maaaring gamitin ang ISO na 2 karakter na country code. |
| Lisensya o Awtorisasyon ng Pasilidad | Kinakailangan upang kumpirmahin na binigyan ng lisensya ng may kapangyarihan ang pasilidad sa pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin. | Opsyonal | Sa tiyak na mga kaso, ang may kapangyarihang awtoridad ay hindi mangangailangan ng permiso para sa bawat pasilidad. Maaari itong maging mas laganap sa kaso ng maliliit na pasilidad ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin. Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na mga format ng pagbibigay ng lisensya sa pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin ay hindi matutukoy nang pauna. Kung ang permiso o lisensya ay hindi kailangan sa lokal na hurisdiksyon, ang ilan sa lokal na makabuluhang deskripsyon o pagtatatuwa (“hindi naaangkop ang lisensya”) ay kailangan. |
| Pangalan at Adres ng pasilidad sa Pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin | Ang impormasyong ito ay kinakailangan upang tukuyin kung ang pasilidad ay awtorisado ng kaugnay na mga awtoridad. | Ipinatutupad | Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na mga pangalan ay hindi matutukoy nang pauna. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Seksyon 4 - Magagamit pareho sa Mailap na paghuli at Operasyon ng Pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig** | | | |
| Pangalan ng Kompanya ng Tumatanggap ng Paglapag, Tagapagproseso o Entidad ng Bumibili at Impormasyon ng Kontak | Ang impormasyong ito ay kailangan upang itala ang disposisyon ng isda sa unang transaksyon at kailangan upang suportahan ang pamamaraang "one up – one back" sa pag-awdit ng supply chain. Sa maraming kaso, ang tiket sa paglapag o slip sa pagtimbang ay ibinibigay ng unang tumatanggap at isinusumite sa may kapangyarihang tagapangasiwa na awtoridad sa pamamagitan ng report ng nagbebenta. Ang mamimili o tagapagproseso ay maaaring lisensyado at tumutukoy na impormasyon tungkol sa mamimili na itinala ng mga awtoridad ay maaaring gamitin upang beripikahin ang transaksyon. | Ipinatutupad | Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin upang kunin ang mga pangalan ng kompanya at adres sa iba't ibang format. Ang numero ng telepono at email address ay maaaring ipilit upang magbigay ng mga format.<br><br>Tandaan na ang maliliit na mamimili sa malayong lokasyon ng baybayin ay maaaring walang pormal o karaniwang impormasyon ng kontak. |
| Pasilidad o Sasakyang-pandagat na Lumapag/Inihatid sa | Ang impormasyong ito ay kailangan upang itala ang disposisyon ng isda sa unang transaksyon at kailangan upang suportahan ang pamamaraang "one up – one back" sa pag-awdit ng supply chain. Sa kaso ng mailap na paghuling pangingisda, ang panghuhuli ay maaaring ilipat sa pagbibiyahe sa dagat o sa daungan (ibaba nang direkta mula sa sasakyang panghuli upang ilipat sa sasakyan) o maaaring ihatid sa isang nagtitinda (malamig na imbakan) o tagapagproseso. Sa kaso ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig, ang produktong inani ay maaaring ihatid sa isang nagtitinda (malamig na imbakan) o tagapagproseso | Ipinatutupad | Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin upang kunin ang mga pangalan ng kompanya at adres sa iba't ibang format. Ang numero ng telepono at email address ay maaaring ipilit upang magbigay ng mga format.<br><br>Sa kaso ng mga sasakyang kaputusan, pangalan ng sasakyan at identifier (IMO #, # ng rehistro ng bandila ng estado) ay dapat na ibigay. Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na mga format ng numero ng sasakyang-pandagat na ginamit ng mga bandila ng estado ay hindi matutukoy nang pauna. |
| Petsa ng Pag-aani | Ang impormasyong ito ay kailangan upang angkop na tukuyin ang kaganapan ng pag-aani at isama ito sa anumang sertipiko na maaaring nagamit na ng may kakayahang awtoridad. Kung walang lokal na kahilingan para sa panghuhuli o sertipiko ng pag-aani, ang petsa ng pag-aani kasama ang pangalan ng sasakyan/pasilidad at ang lokasyon ay magtatatag ng kakaibang identifier para sa kaganapan ng pag-aani. Ito ay karaniwang magiging petsa ng pagbababa mula sa sasakyang panghuli o pagtanggal mula sa pasilidad ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig. | Ipinatutupad | Ang elemento ng datos na ito ay malilimitahan sa petsa ng format. Ang petsa ng pag-aani ay iuulat para sa pangisdaan ng mailap na paghuli ay petsa ng paglapag/pagbababa sa katapusan ng pagbyahe sa pangingisda, o sa petsa ng transhipment sa dagat o sa daungan. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Daungan ng Paglapag o Lokasyon ng Paghahatid | Ang impormasyong ito ay kailangan upang angkop na tukuyin ang kaganapan ng pag-aani at isama ito sa anumang sertipiko na maaaring nagamit na ng may kakayahang awtoridad. Kung walang lokal na kahilingan para sa bilang ng panghuhuli o sertipiko ng pag-aani, ang petsa ng pag-aani kasama ang pangalan ng sasakyan/pasilidad at ang lokasyon ay magtatatag ng kakaibang identifier para sa kaganapan ng pag-aani. | Ipinatutupad | Ang pagiging malaya sa teksto ay kakailanganin dahil ang lahat ng potensyal na mga daungan ng paglapag o lokasyon ng paghahatid ay hindi matutukoy nang pauna. |
| Pangalan ng Uri at ASFIS Code | Kailangan ito upang tukuyin kung ang paparating na kargamento ay binubuo ng uri na sumasailalim sa karagdagang koleksyon ng datos sa pagpasok sa komersyo. Ang mga HTSUS code ay ginagamit upang gumawa ng entri ay hindi maaaring maging sapat na espesipiko sa pagtiyak sa uri. | Ipinatutupad | Ang format ay dapat na malaya sa teksto upang kunin ang lokal na karaniwang pangalan o ang Latin binomial (genus at uri). Ang ASFIS 2 alpha code ay idadagdag batay sa siyentipikong pangalan o kaugnayan sa lokal na karaniwang pangalan. Ang ASFIS 2 alpha coding system ay maaaring hindi pamilyar sa lokal na mangingisda at tagapag-alaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig, kaya maaaring idagdag ang ng tagapagbigay ng sampol sa daungan o empleyado ng pagproseso sa planta. |
| Kabuuang Bigat ng Produkto sa Paglapag/Pag-aani | Ang timbang ay kailangan upang itatag ang dami ng huli na orihinal na ibinaba/inihatid at inulat sa may kakayahang awtoridad. Kung wala ang pangunahing impormasyong ito, hindi maaaring hindi ibilang ang IUU na produkto mula sa mga pamilihan dahil hindi magkakaroon ng mas mataas na hangganan sa kaganapan sa ani at sa susunod ay maisasama ang hindi awtorisadong produkto sa awtorisadong kaganapan kapag ipinakilala sa supply chain. | Ipinatutupad | Kinakailangan ang pag-uulat ng tambilang na halaga at pag-uulat ng yunit. May code bilang “LB” o “KG”. |
| Anyo ng Produkto sa Paglapag | Ang anyo ng produkto sa paglapag ay kailangan upang wastong matantiya ang buong timbang ng isda na nahuli sa pagbyahe sa pangingisda kapag ang ilan o lahat ng nahuli ay pinoproseso lulan ng barko o bago ang pagbababa o pag-aani mula sa pasilidad ng pag-aalaga sa mga hayop na nabubuhay sa tubig kapag ang ilan o lahat ng ani ay pinoproseso sa pasilidad bago ang pagkakarga.<br><br>Kapag ang lahat o ilan sa mga produkto ay naproseso na sa dagat, o sa pasilidad ng pag-aalaga ng mga | Ipinatutupad | Mahalagang malaman ang uri ng pagpoprosesong naganap lulan ng sasakyang pandagat o sa pasilidad ng pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig (hal.,pinugutan o tinanggalan ng lamang-loob) o sa uri ng prinosesong produkto upang tasahin ang kaugnayan sa pagitan ng buong timbang sa ani at prinosesong timbang na inihatid (antas ng pagsagip). Ang karaniwang serye ng mga code ay bubuon (hal., buo = RND; pinugutan at tinanggalan ng lamang-loob = H&G; tinanggalan ng hasang at lamang-loob = G&G; iba pang anyo = OHT). |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | hayop na nabubuhay sa tubig, ang timbang ng tapos na produkto ay kinakailangan upang magbigay ng pinakamababang bilang ng huli para sa ebalwasyon ng dami na naiulat hanggang sa supply chain.<br><br>Ang dalawang kahalagahan na ito ay kailangan upang matugunan ang layunin ng paghadlang sa pagpuslit ng IUU na produkto pagkatapos ng inisyal na paglapag. Ang pinakamababang dami ng huli ay ibinibigay sa pamamagitan ng kabuuang bigat na inilapag, prinoseso man o hindi. Dahil nagbabawas ng timbang ang pagproseso, kapag ang inulat na kabuuang timbang sa paglapag ay lumalarawan sa hindi naprosesong produkto, ngunit hindi ito nakatala bilang buong timbang, may posibilidad ng pagsasama ng produktong IUU na pinagmulan kasama ang awtorisadong kagapanapan sa pag-aani na inulat sa sertipiko ng panghuhuli habang ang prinosesong produkto ay dinadala sa supply chain. | | |

| **Sertipiko sa Modelong Huli para sa Pagkanasusubaybayan - Pag-aani at Paglapag/Pagtanggap** | | |
|---|---|---|
| **(1) Naiibang dentifier sa Dokumento ng Paghuli o Produksyon*** | | **( ) Pangingisdang Mailap na Paghuli (Kumpletuhin ang Seksyon 2)**<br>**( ) Inalagaan sa Bukid (Kumpletuhin ang Seksyon 3)** |
| **(2) Kumpletuhin ang seksyong ito para sa <u>mailap na paghuli</u> ng mga produktong isda** | | |
| **Bandila ng Estado ng sasakyang-pandagat** | **Pangalan ng Sasakyang-pandagat sa Pang-ani**** | **Rehistro ng Sasakyang-pandagat o Numero ng Dokumentasyon**** |
| **Numero ng Pahintulot sa Pangingisda**** | **Lugar ng Pangingisda/Panghuhuli:** | **Kagamitan sa Pangingisda:** |
| **(3) Kumpletuhin ang seksyong ito para sa <u>inalagaan sa bukid</u> na mga produktong isda** | | |

| | | |
|---|---|---|
| **Estado ng Hurisdiksyon:** | **Lisensya o Awtorisasyon ng Pasilidad**** | **Pangalan at Lokasyon ng pasilidad sa Pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin**** |
| **(4) Kumpletuhin ang seksyong ito para pagtanggap ng mga produktong isda** | | |
| **Pangalan ng Tumatanggap, Tagapagproseso o Mamimili** | **Telepono:**<br><br>**Email:** | **Adres ng Negosyo** |
| **Pasilidad sa pagtanggap o Sasakyan** | **Petsa ng Paglapag/ Kaputusan** | **Daungan ng Paglapag o Lokasyon ng Paghahatid** |
| **Uri ng Isda (ASFIS 3 alpha code)**<br><br>**1. _____**<br>**2. _____**<br>**3. _____**<br>**4. _____**<br>**5. _____** | **Timbang ng Inilapag o Inihatid**<br><br>**1. _____ ( ) lb o ( ) kg**<br>**2. _____ ( ) lb o ( ) kg**<br>**3. _____ ( ) lb o ( ) kg**<br>**4. _____ ( ) lb o ( ) kg**<br>**5. _____ ( ) lb o ( ) kg** | **Form ng Produkto**<br><br>**1. _____**<br>**2. _____**<br>**3. _____**<br>**4. _____**<br>**5. _____** |

***Tandaan: Ang Unique Document Identifier ay ibinibigay ng tagapag-ani o tumatanggap sa paglapag o may kakayahang awtoridad.**
**** Hindi kailangan kapag kinukumpleto ang pinagsama-samang sertipiko ng paghuli para sa maliliit na sasakyang-pandagat o pasilidad sa pag-aalaga ng hayop na nabubuhay sa tubig upang kainin.**

# Mga Tagubilin sa Pagtatala ng Mga Kagapanan ng Pag-aani sa Sertipiko ng Modelong Paghuli

**Seksyon 1.** Kung naaangkop, itala ang numero ng dokumento sa panghuhuli o pag-aani na itinalaga ng may kapangyarihang awtoridad.. Maaaring hindi magtalaga ang may kapangyarihang awtoridad ng unique identifier sa bawat kaganapan ng pag-aani o itala ang kaganapan ng pag-aani sa sertipiko na natatanging nilagyan ng numero. Sa ganoong kaso, ang mamimili o tumatanggap ay maaaring magtalaga ng numero ng dokumento upang kilalanin ang kaganapan ng pag-aani. Ang pinasimpleng tala ng panghuhuli ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng huli ng ilan sa maliliit na sasakyang pandagat na dumadaong upang

manghuli sa isang karaniwang punto ng koleksyon o maliliit na paghahatid mula sa mga pasilidad ng pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig sa planta ng pagproseso. Sabihin kung ang isda ay nilikha sa pangingisda na mailap na paghuli o sa pasilidad ng pag-aalaga ng mga hayop na nabubuhay sa tubig. Kumpletuhin ang seksyon 2 o 3 nang naaayon.

**Seksyon 2.** Para sa mga pangisdaan na mailap na paghuli, itala ang bansa na pinahintulutan ang sasakyang-pandagat na pangisda na iwagayway ang bandila nito o mangisda sa tubig at sa hurisdiksyon nito. Kabilang ang pangalan ng sasakyang-pandagat, ang numero ng rehistro o dokumentasyon na ibinigay ng may kapangyarihang awtoridad para sa sasakyang-pandagat at ang numero ng pahintulot na mangisda ang sasakyang-pandagat, kung naaangkop. Kapag kinukumpleto ng tumatanggap o tagapagproseso ang pinagsama-samang dokumento sa paghuli, ang mga pangalan ng sasakyang-pandagat at numero ng rehistro/permiso ay hindi kailangan, ngunit dapat ipakita ang bandila ng estado. Ang lugar ng pangisdaan ng paghuli at ang uri ng kagamitan sa pangingisda ay dapat banggitin alinman sa sertipiko ng indibidwal na paghuli o pinagsama-samang sertipiko ng paghuli. Itala ang mga lugar ng pangisdaan at kagamitan nang naaayon sa lokal na mga kinakailangan sa pagtatala o, kung hindi naaangkop, gamitin ang FAQ sa lugar ng pangisdaan at mga code sa kagamitan.

**Seksyon 3.** Para sa mga pasilidad ng aquaculture o bukid, itala ang bansa na pinahintulutan ang pasilidad na magpatakbo sa loob ng hurisdiksyon nito. Kabilang ang pangalan ng pasilidad, at ang numero ng rehistro o lisensya na ibinigay ng may kapangyarihang awtoridad para sa operasyon, kung naaangkop. Kapag kinukumpleto ng tumatanggap o tagapagproseso ang pinagsama-samang dokumento sa paghuli, ang mga pangalan ng pasilidad at ang numero ng lisensya ay hindi kailangan, ngunit dapat ipakita ang bandila ng estado.

**Seksyon 4.** Dapat kumpletuhin ang seksyong ito para sa mailap na paghuli o mga paglapag/paghahatid, ito man ay iniulat na indibidwal o pinagsama-sama. Dapat itala ng tumatanggap, mamimili o tagapagproseso ang imporasyon sa entidad ng negosyo, lokasyon ng pasilidad sa pagtanggap, ang petsa ng paglapag o transhipment (sasakyang pandagat) o paghahatid (aquaculture) at ang daungan o lokasyon ng paghahatid (lupa) o latitud at longhitud (sa pagbababa sa dagat). Para sa bawat uri ng isdang natanggap, itala ang karaniwang pangalan at ASFIS 3-alpha code ang timbang ng bawat uring natanggap. Ipahiwatig ang yunit ng timbang at anyo ng produkto sa oras na maihatid (hal., buong timbang, pinugutan at tinanggalan ng lamang-loob).

**Sertipiko ng Modelong Pagpoproseso Muli para sa Masusubaybayan - Pangunahin o Sekundaryang Pagproseso**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **(  ) Mailap na Pag-ani o  (  ) Inalagaan sa Bukid** | | | |
| **Isinangguning (mga) Unique Identifier sa Dokumento ng Paghuli*** | **Produkto ng Kompanya na Tinanggap Mula sa:** | | |
| **Pangalan ng Tagapagproseso** | **Adres ng Tagapagproseso** | **Pahintulot na Tagapagproseso o Numero ng Rehistro** | **Telepono:**<br><br>**Email:** |
| **Siyentipikong Pangalan ng  Kalakal** | **Pangalan ng Pamilihan ng  Kalakal** | | **ASFIS#  ng Produkto** |
| **Tinanggap na TImbang [(  )lbs o (  ) kg]** | **Tinanggap na (mga) Lot Identifier*** | **Form ng Produktong Natanggap** | |
| **Prinosesong TImbang [(  )lbs o (  ) kg]** | **(Mga) Lot Identifier ng Tapos na Produkto[a]** | **Form ng Tapos na Produkto** | |
| **Timbang ng Tapos na Produkto [(  )lbs o (  ) kg]** | | | |
| **(Mga) petsa ng Produksyon** | **# ng mga Pakete** | **Uri ng Pagpapakete** | |

***Tandaan: Ang Unique Document Identifier ay ibinibigay ng tagapag-ani o tumatanggap sa paglapag at dapat magpakita ng unique identifier ng panghuhuli o sertipiko sa paglapag.**

**[a]Tandaan: Ang Lot Identifier ay ginagawa ng tagapagproseso batay sa pagsubaybay at mga protokol ng pag-iingat ng tala ng produkto nito.**

| **Sertipiko ng Modelong Pagtransship para sa Pagkanasusubaybayan** | | |
|---|---|---|
| **(  ) Mailap na Pag-ani o  (  ) Inalagaan sa Bukid** | | |
| **Isinangguning (mga) Unique Identifier sa Dokumento ng Paghuli*** | | |
| **Lokasyon ng Daungan o Imbakan ng Paglapag/Pagbababa** | | |
| **Pangalan ng Sasakyang-pandagat/Pagbababa sa Malamig na Imbakan mula sa** | **Unique Identifier ng Pagbababa ng Sasakyang-Pandagat (rehistro, dokumento, o numero ng lisensya)** | **(Mga) petsa ng Pagbababa/Pagkakarga** |
| **Pangalan ng Sasakyang-pandagat/Pagbababa sa Malamig na Imbakan patungo sa** | **Unique Identifier ng Tumatanggap na Sasakyang-Pandagat (rehistro, dokumento, o numero ng lisensya)** | |
| **Siyentipikong Pangalan ng Kalakal** | **Pangalan ng Pamilihan ng Kalakal** | **ASFIS# ng Produkto** |
| **Transhipped na Timbang [(  )lbs o (  ) kg]** | **Transshipped Lot Identifier(s)[b]** | **Produktong Transshipped Mula sa** |
| **(Mga) petsa ng Produksyon** | **# ng mga Pakete** | **Uri ng Pagpapakete** |

***Tandaan: Ang Unique Document Identifier ay ibinibigay ng tagapag-ani o tumatanggap sa paglapag at dapat magpakita ng unique identifier ng panghuhuli o sertipiko sa paglapag.**

[b]**Tandaan: Ang Lot Identifier ay ginagawa ng nagpapadala batay sa pagsubaybay at mga protokol ng pag-iingat ng kargo nito.**